251

Deped-MALAYBALAY CITY DIVISION
RELEASED
Date: 2/21/14 Time: 10:47AM
By: [illegible]

Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon x – Hilagang Mindanao
SANGAY NG LUNGSOD NG MALAYBALAY
Cor.Don Carlos and Guingona Sts..., Malaybalay City

Pebrero 20, 2014

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 73 2014

PAGDIRIWANG NG ARAW NI FRANCISCO "BALAGTAS" BALTAZAR 2014

Sa mga : Tagamasid Pansangay /Koordeneytor
Tagamasid Pampook
Pinuno, Pampubliko at Pribadong Paaralan Elementarya at Sekondarya
Sangay ng Malaybalay

1. Kalakip nito ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 13, s. 2014 hinggil sa Pagdiriwang ng Araw ni Francisco "Balagtas " Baltazar 2014 tuwing ika- 2 ng Abril taun- taon.

2. Bilang bahagi ng pagdiriwang na ito, ang KWF ay magtataguyod ng Timpalak sa Pagsulat ng Tula (Talaang Ginto 2014) na ang magwawagi ng Unang Gantimpala ay tatanghaling Makata ng Taon. Nakapaloob dito ang mga Tuntunin sa Talaang Ginto: Makata ng Taon.

3. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. Ganap na maitupad ang Proklamasyon Blg. 964 ng Pangulo ng Pilipinas;
   b. Mahikayat ang mamamayang Pilipino na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang kultural at sibiko;
   c. Maganyak ang mamamayang Pilipino na pahalagahan ang kultura at sining ng bansa sa pamamagitan ng araw ni Balagtas at
   d. Maganyak ang mga manunulat- batikan man o bagong sibol- na sumali sa Talaang Ginto, ang mayamang bukal na panulang Pilipino.

4. Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang bilang 5 sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 13, s. 2014.

5. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpalaganap ng Memorandum na ito.

EDILBERTO L. OPLENARIA
Tagapamanihala ng Paaralan

Republic of the Philippines
Department of Education

04 FEB 2014

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 13 , s. 2014

PAGDIRIWANG NG ARAW NI FRANCISCO "BALAGTAS" BALTAZAR 2014

Sa mga: Direktor ng mga Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno, Pampubliko at Pribadong Paaralang Elementarya at Sekundarya

1. Alinsunod sa Proklamasyon Bilang 964 na may petsang Pebrero 11, 1997 iniaatas ang paggunita sa kapanganakan ni **Francisco "Balagtas" Baltazar** sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Sa taong ito, isasagawa ang palatuntunan sa pakikipagtulungan sa pamahalaang lokal sa tatlong mahahalagang pook sa buhay ni Balagtas sa Abril 2, 2014. Ang mga lugar na ito ay sa: (a) Pandacan, Maynila; (b) Balagtas, Bulacan; at (k) Orion, Bataan.

3. Ang mga palatuntunan sa tatlong lugar ay pag-aalay ng bulaklak, pagbasa o pagtatanghal ng mga piling tula ni Balagtas at sipi mula sa Florante at Laura, at balagtasan na ihahandog ng mga mag-aaral ng pampublikong paaralan at ilang organisasyong pangwika.

4. Ang paggagawad ng premyo sa nagwagi sa Talaang Ginto 2014 at paggagawad ng Gawad Balagtas 2014 ay sa pampinid na palatuntunan.

5. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Sangay ng Impormasyon at Publikasyon, Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)**, 2nd Floor, Watson Bldg., 1610 JP Laurel, Malacañan Palace Complex, San Miguel, 1005 Maynila sa telepono blg.: (02) 736-2524; (02) 736-2525; (02) 736-2519; (02) 734-5547; (02) 736-3830; (02) 733-7260; (02) 516-0326 o magpadala ng mensahe sa email address: komfil.gov@gmail.com; website address: www.kwf.gov.ph.

5. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

BR. ARMIN A. LUISTRO FSC
Kalihim

Sanggunian:
DepEd Advisory: Blg. 91, s. 2013

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CONTESTS
STUDENTS
TEACHERS

Sally: 2014 araw ni balagtas - 0063-January 22, 2014

Talaang Ginto: Makata ng Taon 2014

Ang **TALAANG GINTO: MAKATA NG TAON** ay timpalak sa pagsulat ng tula na itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino kaugnay ng pagdiriwang ng Araw ni Balagtas tuwing **Ika-2 ng Abril** taun-taon.

Nilalayon ng timpalak na lalo pang pasiglahin at pataasin ang uri ng panulaang Filipino sa pamamagitan ng pagkilala sa mga batikan at baguhang talino.

Mga Tuntunin:

1. Bukas ang timpalak sa lahat, maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak.

2. Ang lahok ay kailangang orihinal at nasusulat sa Filipino, hindi salin mula sa ibang wika at hindi pa nalalathala sa alinmang publikasyon. Hindi patatawarin ang sino mang nahuli at napatunayang nagkasala ng pangongopya. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok nito sa timpalak at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.

3. Ang paksa para sa Makata ng Taon 2014 ay tungkol sa kabayanihan. Tatalakayin ng tulang ipapasa ang isang malaki at makabagong problema at kung paano kikilos ang isang makabagong bayani upang lutasin ito. Ilalahok ang mga tulang may sukat at tugma na nasa antas tudlikan pataas. Ang mga taludtod ng tulang ilalahok ay hindi bababa sa apatnapung (40) taludtod, at lalagpas sa walumpung (80) taludtod.

Ang lahok ay kailangang may apat (4) na kopyang makinilyado o kompiyuterisado (Font 12 – Arial). Doble espasyo sa 8 ½ " x 11" na bond paper na may palugit na isang (1) pulgada sa itaas at ibaba at sa magkabilang tabi. Kinakailangan din na nakanotaryo ang ilalahok na gawa bilang katunayan na orihinal ito.

5. Isa (1) lamang tula ang maaaring isumite at hindi dapat ito magtaglay ng sagisag-panulat ng may-akda. May hiwalay na pormularyo sa paglahok na mada-download sa link na ito: Talaang Ginto pormularyo. Ilakip ang pormularyo kasama ng lahok at electronic file. Lakipan ng larawan ang pormularyo sa paglahok. Hindi tatanggapin ang lahok na ipadadala sa pamamagitan ng email.

6. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod: una, P20,000.00 at karangalang maging "Makata ng Taon 2014"; pangalawa, P15,000.00; pangatlo, P10,000.00 at tropeo bawat isa; at, P5,000.00 at plake para sa magwawagi ng tatlong karangalang-banggit. Lahat ng lalahok ay tatanggap ng Katunayan ng Paglahok.

Ang lahok ay maaaring dalhin nang personal o ipadala sa koreo sa:

Lupon sa Tula 2014

Komisyon sa Wikang Filipino

2/F Watson Bldg., 1610 J.P. Laurel St.

San Miguel, Manila

8. Ang huling araw ng pagsusumite ng lahok ay sa **Pebrero 28, 2014**. Hanggang **5 n.h**ang oras ng pagpapasa. Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite. Ang mga lahok na ipinadala sa pamamagitan ng koreo ay kailangang matanggap ng KWF nang hindi lalampas sa petsang nabanggit.

9. Ang pasiya ng inampalan ay pinal at hindi na mababago. Lahat ng lahok, nanalo man o natalo, ay hindi na ibabalik sa mga kalahok at angkin ng KWF ang karapatang mailathala ang mga nagwaging lahok nang walang royalti sa mga makata.

10. Para sa karagdagang detalye tumawag sa telepono blg. (632) 736-2519